

Patakaran:

Mga Alituntunin sa Pag-aseso ng Hablá (Charge Assessment)

Policy Code:

CHA 1

Epektibong Petsa:

Marso 1, 2018

Cross-references:

ABD 1 CHA 1.1 CHI 1
ELD 1 HAT 1 IPV 1
VUL 1

Ang Alituntunin sa Pag-aseso ng Hablá (Charge Assessment)

Ang desisyon upang simulan o ipagpatuloy ang prosekusyon ay isa sa pinakamahalagang tungkulin ng Crown Counsel. Pinahihintulutan ng [Crown Counsel Act](#) ang Crown Counsel, sa ilalim ng pamamahala ng Assistant Deputy Attorney General (ADAG), na "suriin ang lahat ng nauukol na impormasyon at mga dokumento at, matapos na suriin ang mga ito, aprubahan ang prosekusyon ng anumang pagkakasala o mga pagkakasala na itinuturing niyang angkop" (seksyon 4 (3) (a)). Sa pagpapatupad ng tungkuling ito, ang Crown Counsel, ayon sa konstitusyon, ay kinakailangang kumilos nang malaya sa lahat ng mga partido at hindi tamang mga motibo. Ang kalayaan ng Crown Counsel ay kinumpirma sa seksyon 5 ng *Crown Counsel Act* (Batas sa Crown Counsel) na nag-uutos na ang anumang interbensyon ng Attorney General na may kinalaman sa pag-apruba o pagsasagawa ng isang prosekusyon "ay dapat ibigay nang nakasulat sa ADAG, at dapat ilathala sa Gazette."

Ang kalayaan ng Crown Counsel ay dapat ding maibalanse sa mga panuntunan ng pananagutan (measures of accountability). Dapat repasuhin ng Crown Counsel ang available na ebidensya at naaangkop na batas at dapat nila gawin ang kanilang pagpapasya alinsunod sa mga nailathalang mga patakaran. Sinisiguro nito na naaalinsunod at may prinsipyo ang paggawa ng desisyon.

Ang tungkulin sa pag-aseso ng hablá ng Crown Counsel ay malaya rin sa responsibilidad ng pulis sa pagsisiyasat. Ang makatwirang pagtutulungan at mahusay na komunikasyon ng Crown Counsel at ng pulis sa isa't-isa ay mahalaga sa tamang pamamahala ng hustisya. Gayunpaman, dapat bantayan ng Crown Counsel ang maging masyadong malapit ang ugnayan sa pulis o ang gumawa ng anumang bagay na makakahadlang sa kanilang kakayahang magsagawa ng mga walang-kinikilingang pag-aseso ng hablá.

May awtoridad ang pulis na maghain ng Impormasyon upang kasuhan ang isang tao na may kasalanan ngunit ang Crown Counsel ang may kapangyarihan sa kahulihan na magpasya kung magpapatuloy o wawakasan ang prosekusyon. Inaasahan ng BC Prosecution Service, maliban kung mahirap ito gawin, na magbibigay ang pulis ng Impormasyon pagkatapos lamang ng pag-apruba sa mga hablá ng Crown Counsel, o, kung ang mga hablá ay hindi naaprubahan, pagkatapos gamitin ang proseso ng pagrepaso na ibinibigay ng patakaran (Charge Assessment Decision – Police Appeal (CHA 1.1)) (*Desisyon sa Pag-aseso ng Hablá – Pag-apela ng Pulis (CHA 1.1)*).

Ang discretionary decisions ng Crown Counsel ay karapat-dapat na magkaroon ng makatwirang pagsang-ayon (reasonable deference) at 'di dapat ito baligtarin o hulaan ng ibang Crown Counsel, kabilang ang Regional Crown Counsel, mga Director, o ng kani-kanilang deputies, maliban kung mali sila sa katotohanan o batas, 'di makatwiran, o salungat sila sa interes ng publiko. Sa anumang pagrepaso ng discretionary decision-making ng Crown Counsel, naaangkop ang isang pamantayan na pagkamakatwiran.

Ang Standard na Pag-aseso ng Hablá

Bilang kinakailangang legal na konteksto para sa anumang desisyon sa pag-aseso ng hablá, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang palagay na maaaring 'di nagkasala ang isang tao (presumption of innocence), ang kinakailangang mga ebidensya para sa prosekusyon nang walang pagdududa, at ang pangunahing tungkulin ng prosecutor na kumilos bilang "ministro ng hustisya," at maipatupad ang hustisya. Sa pagsasagawa ng tungkulin sa pag-aseso ng hablá, ang Crown Counsel ay dapat malaya, walang kinikilingan, at dapat patas nilang susukat ang lahat ng available na ebidensya sa isang two-part test:

1. kung mayroong malaking posibilidad na mahatulan; at kung gayon,
2. kung kinakailangan ang prosekusyon para sa interes ng publiko.

Ang two-part test na ito ay patuloy na aaplay sa buong prosekusyon.

Ang Evidentiary Test – Lubos na Malamang na Magkakaroon ng Paghatol

Bukod lamang sa mga inilarawan sa ibaba, ang evidentiary test para sa pag-apruba ng hablá ay ang malaman kung mayroong malaking posibilidad na mahatulan. Kapag may "posibilidad", dapat man lamang mas malamang na magkakaroon ng paghatol alinsunod sa batas sa halip na magkaroon ng acquittal o pawalang-sala. Sa kontekstong ito, ang "lubos na malamang" ay tumutukoy hindi lamang sa posibilidad na mahahatulan kundi pati na sa objective na lakas o katatagan ng ebidensya. Ang lubos na malamang na mahahatulan ay umiiral kung ang Crown Counsel ay nasisiyahan na mayroong isang malakas at solidong kasong maihaharap sa korte.

Upang tukuyin kung natutugunan ang test na ito, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang mga sumusunod na dahilan:

- ang materyal na ebidensya na malamang na matatanggap at available sa paglilitis
- ang objective reliability ng katanggap-tanggap na ebidensya
- kung may mga viable defence, o iba pang mga legal o konstitusyunal na hadlang sa prosekusyon, na nag-aalis ng anumang malaking posibilidad na mahatulan

Sa pag-aseso ng ebidensya, dapat ipalagay ng Crown Counsel na ang paglilitis ay magaganap sa harap ng isang walang kinikilingan at walang pinapanigang hukom o jury na kumikilos alinsunod sa batas, at hindi nila dapat agawin ang papel ng hukom o jury sa pamamagitan ng pagbago sa kanilang pansariling pananaw ukol sa kaseryosohan at kredibilidad ng ebidensya para sa mga hukom o jury.

Test ukol sa Pampublikong Interes

Kung ang Crown Counsel ay nasisiyahan na ang evidentiary test ay natutugunan, dapat matukoy ng Crown Counsel kung kakailanganin ng prosekusyon para sa pambublikong interes.

Ang maprotektahan ang lipunan ay ang pinakamahalaga sa sistema ng hustisyang kriminal. Hindi hinihingi ng hustisya na dapat i-prosecute ang bawat pagkakasala. May hangganan sa resources ng sistema ng criminal justice. Kung available ang mga makatwirang alternatibo, dapat sila gamitin. Dapat ilaan ang prosekusyon para sa mga kasong nangangailangan ng buong lakas ng sistema ng hustisyang kriminal, kasama ang lahat ng mga magagamit na parusa nito.

Sa pag-aseso ng interes ng publiko, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang mga sirkumstansya ng bawat kaso at ang makatwirang pag-aalala sa pampublikong kaligtasan ng lokal na komunidad. Hindi maaaring ipataw ang mga mabigat at mabilis na mga patakaran. Dapat isaalang-alang at timbangin ng Crown Counsel ang sumusunod na factors upang malaman kung sila'y may kaugnayan sa anumang partikular na kaso.

1. Mga Bagay Tungkol sa Pampublikong Interes na Pabor sa Prosekusyon

- ang kaseryosohan ng mga paratang
- ang posibilidad na magkakaroon ng makabuluhang sentensya kapag napatunayang may sala
- ang kalubhaan ng pinsalang idinulot sa biktima

- ang paggamit, o bantang paggamit, ng isang sandata
- ang relatibong kahinaan ng biktima (*Abduction of Children by Parent/Guardian, (ABD 1), Children and Vulnerable Youth – Crimes Against (CHI 1), Elder Abuse – Offences Against Elders (ELD 1), Intimate Partner Violence (IPV 1), and Vulnerable Victims and Witnesses – Adults (VUL 1)*). (*Pag-agaw sa mga Bata ng Magulang /Guardian, (ABD 1), Mga Bata at Vulnerable na Kabataan - Mga Krimen Laban (CHI 1) sa, Pang-aabuso ng mga Matatanda - Mga Pagkakasala Laban sa mga Matatanda (ELD 1) Karahasan sa Intimate Partner (IPV 1), at Mga Vulnerable na mga Biktima at mga Witness - Adults (VUL 1)*)
- ang kasaysayan ng pinaghihinalaang may sala, mga nakaraang convictions o nakaraang mga alegasyon na nagresulta sa mga alternatibong hakbang
- ang position of authority o pagtitiwala ng biktima sa pinaghihinalaang may sala
- ebidensya na ang pagkakasala ay plinano
- katibayan na ang motibo sa pagkakasala ay bias, maling paniniwala o pagkamuhi batay sa kulay, lahi, relihiyon, pambansa o etnikong pinagmulan, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, identidad o pagpapahayag ng kasarian, kapansanan sa isip o katawan, o anumang iba pang dahilan (*Hate Crimes (HAT 1)*)
- isang malaking pagkakaiba sa aktwal na edad at sa edad ng kaisipan ng pinaghihinalaang may sala at ng biktima
- na ang pinaghihinalaang may sala ay nasa ilalim ng isang court order sa panahon ng pagkakasala
- ang pagkakaroon ng makatwirang dahilan upang maniwala na ang pagkakasala ay malamang na magpapatuloy o mauulit
- ang pagkakasala ay madalas na nangyayari sa lugar kung saan ito nangyari
- ang uri ng pagkakasala ay nakakaapekto sa integridad, kaligtasan, o seguridad ng sistema ng hustisya o mga kasangkot nito
- ang pagkakasala ay isang pagkakasalang terorismo
- ang pagkakasala ay ginawa para sa interes ng isang kriminal na organisasyon, sa pamamahala nito, o may kaugnayan dito

2. Mga Bagay Tungkol sa Pampublikong Interes na Hindi Pabor sa Prosekusyon

- ang isang conviction ay malamang na magresulta sa hindi sapat na parusa

- ang pampublikong interes ay inihain o maaaring ihain nang walang prosekusyon sa pamamagitan ng BC Prosecution Service, kabilang ang mga alternatibong hakbang, mga prosesong administratibo o sibil, o prosekusyon ng iba pang prosecuting authority
- ang pagkakasala ay ginawa bilang resulta ng isang tunay na pagkakamali o maling pagkaunawa sa katotohanan
- ang pagkalugi o pinsala ay resulta ng iisang pangyayari at ito’y maliit na bagay lamang
- ang pinaghihinalaang may sala ay walang nakaraang convictions o kamakailan lamang na mga paratang na nagresulta sa mga alternatibong hakbang
- ang pagkakasala ay may maliit o teknikal na katangian
- ang batas na nagbigay-bisa sa pagkakasala ay hindi na ginagamit o malabo

3. Mga Bagay sa Pampublikong Interes na Maaaring Pabor o Hindi Pabor sa Prosekusyon

- ang kabataan, edad, katalinuhan, kalusugan ng katawan, kalusugan ng isip, o ibang mga personal na sirkumstansya ng isang witness o biktima
- ang mga personal na sirkumstansya ng akusado
- ang antas ng kasalanan ng pinaghihinalaang may sala hinggil sa ibang partido
- ang tagal at gastos ng isang prosekusyon kapag isinasaalang-alang ang mapapakinabang ng lipunan dito
- ang panahon na lumipas mula nang mangyari ang pagkakasala
- ang pangangailangan na mapanatili ang tiwala ng publiko sa pangangasiwa ng hustisya

Natatanging mga Evidentiary Test - Makatwirang Prospect sa Conviction

Sa mga natatanging sirkumstansya, kung saan lubos na pumapabor ang pampublikong interes para sa isang prosekusyon at sa gayon ay kinakailangang gamitin ang mas mababang pamantayan na pag-aseso ng hablá (lower charge assessment standard) upang mapanatili ang tiwala ng publiko sa pangangasiwa ng criminal justice, ang isang hablá ay maaari pa ring maaprubahan kahit na ang karaniwang evidentiary test ay hindi natutugunan. Ang Crown Counsel ay dapat partikular na mag-ingat sa mga ganitong kaso dahil ang katangian o kalidad ng available na ebidensya o mga natatanging

sirkumstansyang nabanggit upang bigyang-matwid ang paggamit ng isang mas mababang pamantayan na pag-aseso ng hablá (halimbawa, ang kalubhaan ng pagkakasala, identidad ng pinaghihinalang may sala, o antas ng galit ng publiko tungkol sa pagkakasala) ay maaaring magdagdag sa panganib ng 'di tamang pagpapatupad ng hustisya. Sa gayong mga sirkumstansya, ang pinaka-minimum na pamantayan ng ebidensya (minimum evidentiary standard) na patuloy na umaaplay sa buong prosekusyon ay ang malaman kung mayroong makatwirang prospect ng paghatol.

Ang isang makatwirang prospect sa paghatol ay nangangailangan ng hindi lamang "ilang ebidensya" sa bawat mahahalagang elemento ng isang 'di umano'y pagkakasala, ngunit hindi nito kinakailangan ang pagiging mas malamang ng isang conviction kaysa sa isang acquittal o pagpapawalang-sala. Ang ibig sabihin ng "makatwiran" ay based on reason o batay sa dahilan; ito'y rational; ito'y objective at hindi pansarili. Ang "Prospect" ay nangangahulugang sa darating na panahon. Kasangkot dito ang umasa ng isang potensyal na resulta, mula sa nakaraang karanasan at sentido kumon. Mayroong "makatwirang prospect ng paghatol" kung ang may karanasang Crown Counsel, pagkatapos malaman ang lahat ng relevant facts, ay nasisiyahan na may rational at realistikong batayan upang magkaroon ng paghatol ayon sa batas.

Sa proseso ng pagtukoy kung ang test na ito ay nasisiyahan, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang mga sumusunod na dahilan:

- kung anong material evidence ang maaaring matanggap at magamit sa isang paglilitis
- ang objective reliability ng matatanggap na ebidensya
- kung ang ebidensya ay matatalo ng anumang hindi matututulang depensa

Sa pag-aseso ng ebidensya, dapat ipalagay ng Crown Counsel na ang paglilitis ay magaganap sa harap ng walang kinikilingan at walang pinapanigang hukom o jury na kumikilos alinsunod sa batas, at 'di dapat nito kunin ang papel ng hukom o jury sa pamamagitan ng pagbago ng kanilang pansariling pananaw ukol sa kaseryosohan at kredibilidad ng ebidensya para sa mga hukom o jury.

Kung sa huli ay magpapasya ang Crown Counsel na gamitin ang mas mababang pamantayan na pag-aseso ng hablá upang mapanatili ang tiwala ng publiko sa pangangasiwa ng criminal justice, dapat kumonsulta ang Crown Counsel sa Regional Crown Counsel o sa isang Director bago tapusin ang pag-aseso ng hablá. Dapat tiyakin ng Crown Counsel na ang desisyon ay itatalâ sa file.

Mga Kaso na May Kinalaman sa Kamatayan o Malaking Pag-aalala para sa Pangangasiwa ng Hustisya

Dapat ipahayag ng Crown Counsel sa Administrative Crown Counsel ang anumang Report to Crown Counsel (RCC):

- kung saan ang paratang ay na ang isang tao ay responsible para sa isang pagkamatay
- para sa anumang seryosong paratang kung saan nagkaroon o malamang na magkakaroon ng malaking pag-aalala ng publiko sa pangangasiwa ng katarungan

Sa mga kasong ito, dapat kumonsulta ang Administrative Crown Counsel sa Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy bago makumpleto ang isang pag-aseso ng hablá.

Mga Isyu sa Practice

Sa paga-apply ng pamantayan sa pag-aseso ng hablá, dapat gawin ng Crown Counsel ang mga sumusunod:

- gawin sa tamang panahon ang desisyon sa pag-aseso ng hablá, habang kinikilala ang pangangailangang pabilisin ang desisyon kung ang isang akusado ay nakakulong, kung humiling ang RCC ng isang warrant, o kung kasangkot sa hablá ang mga paratang na karahasan
- sa mga malubhang kaso o mga kasong malamang na makakaakit ng isang makabuluhang antas ng pag-aalala ng publiko, maliban kung hindi ito madaling gawin, dapat nila kausapin nang maaga ang pulis tungkol sa balak na huwag aprubahan ang isang hablá ng inirekomenda ng pulis
- para sa anumang desisyon sa pag-aseso ng hablá na naiiba sa rekomendasyon ng pulis, dapat nila italâ ang mga dahilan nang may sapat na detalye upang lubos na maipaliwanag ang desisyon at pahintulutan ang isang pagrepaso kung sakaling hilingin ito alinsunod sa patakaran
- kung naaangkop, dapat nila ipaalam ang kanilang desisyon sa mga taong apektado, kabilang ang pulis, upang maunawaan nila ang mga dahilan para sa pag-aseso ng hablá
- sa mga kaso kung saan ang mga iminungkahing charges ay seryoso at ang pangangasiwa nito ay malamang na makakaakit ng malaking atensyon ng publiko, dapat nila talakayin ang pag-aseso ng hablá sa isang Regional Crown Counsel,

Director, o sa kani-kanilang deputy, upang pahintulutan ang pagsasaalang-alang kung kinakailangan ang isang malinaw na pahayag para sa publiko na nagpapaliwanag sa pag-aseso ng hablá.

Ang Pormularyo at Nilalaman the RCC

Upang maisagawa ng Crown Counsel ang isang ganap na may kaalaman at naaangkop na desisyon sa pag-aseso ng hablá, ang RCC ay dapat magbigay ng isang tumpak at kumpletong paglalarawan ng available na ebidensya bilang suporta sa mga hablá na inirerekomenda ng pulis. Sa format at nilalaman, ang RCC at ang mga attachment nito ay dapat tumupad sa mga tuntunin at kondisyon ng anumang kasunduan o pag-unawa na namamahala sa transfer ng disclosure materials ng BC Prosecution Service at ng pulis sa isa't-isa.

Alinsunod sa anumang mga tanging kaayusan na maagang napagkasunduan ng pulis at Crown Counsel tungkol sa anumang partikular na file, kung ang RCC ay hindi tumutupad sa umaaplay na kasunduan o pag-unawa ukol sa transfer ng disclosure materials, dapat ibalik ng Crown Counsel ang RCC sa pulis nang hindi nagsasagawa ng pag-aseso ng hablá. Sa paggawa nito, dapat ibalangkang Crown Counsel sa pulis kung ano ang kulang.